



Patakaran sa Paggamit ng mga Mineral na Nauugnay sa Kaguluhan

Bilang pagkilala sa makataong krisis na ito at sa mga kaugnayan nito sa pandaigdigang kalakalan ng mineral, inatasan ng Dodd–Frank Wall Street Reform Act at ng US Securities and Exchange Commission ang mga kumpanyang hawak ng publiko na magsagawa ng pagsusuri sa anumang tin, tungsten, tantalum at ginto sa kanilang mga produkto upang malaman kung nagmula ang mga mineral na ito sa mga minahan, tunawan o salaan na tumutustos sa kaguluhan sa Democratic Republic of Congo at sa mga nakapaligid na bansa. Kinakailangan ang tin, tungsten, tantalum at ginto sa paggana at paggawa ng iba’t ibang elektroniko at medikal na aparato, at matatagpuan sa maliliit na dami sa ilang partikular na produkto ng Zoetis.

Nakatuon ang Zoetis sa pakikipagtulungan sa ating mga supplier upang matiyak ang etikal na supply chain. Bilang pagpapatuloy ng ating pangako:

- Nagtakda tayo ng isang programa sa pagsunod kaugnay sa mga mineral na nauugnay sa kaguluhan na naaayon sa gabay ng Organization for Economic Cooperation and Development para sa mga responsableng supply chain;
- Inaasahan nating kukuha ng mga materyales ang ating mga supplier sa responsableng paraan at lilipat sila hangga’t maaari sa mga sertipikadong minahan, tunawan o salaan na walang kaugnayan sa kaguluhan;
- Inaasahan natin na ang mga supplier natin ng mga produkto na naglalaman ng tin, tungsten, tantalum at ginto (ang aming mga “nasa saklaw na supplier”) ay magpapatupad ng isang patakaran sa mineral na nauugnay sa kaguluhan, framework ng angkop na pagsisikap, at mga sistema ng pamamahala sa peligro; at
- Inaasahan natin na magsasagawa ang ating mga nasasaklawang supplier ng naaangkop na pagsusumikap sa kanilang supply chain at bibigyan tayo ng wastong pagberipika sa bansang pinagmulan at pinagkunan ng mga mineral na ginagamit sa mga produktong ibinibigay nila sa Zoetis.

Kung mapag-alamang hindi sumusunod ang isang supplier sa mga layuning ito, inaasahan natin na magsasagawa ang supplier ng pagwawastong aksyon upang malutas ang naturang hindi pagsunod sa napapanahong paraan.